

DZUP 1602 | Kwentuhang Pets Atbp.

Episode: Animals in Light of the Catholic Faith

Aired on: 18 October 2017 (Wednesday), 1 to 2 p.m.

Producer & Host: Khyrsta Rara

Student Producer & Host: Richard S.M. de Leon

Guest Speakers: Leo Martin Ocampo, & Mariel Naval

-TRANSCRIPT-

KHRYSTA: Magandang magandang hapon sa inyong lahat. Miyerkules na naman po ng hapon, ala una. At alam niyo naman po kapag Miyerkules nanddito tayo sama-sama sa Kwentuhang Pets At Iba Pa ng DZUP. Ako po ang inyong host Khrysta Imperial Rara at sa araw na ito sisikapin nating bigyan ng boses, katulad ng dati, ang lahat ng klase ng hayop. Pero ngayon maganda ang ating topic. Pero hayaan niyo, hahayaan ko ang aking co-host ngayon, si Richard, na mag-explain tungkol diyan. Richard?

RICHARD: Magandang hapon po Ma'am Rara at magandang hapon din sa lahat ng ating tagapakinig dito sa DZUP 1602 Kasali Ka! At sa mga sumusubaybay din sa atin sa pamamagitan ng ating website sa DZUP.org. Ang paksa po natin ngayon na pagkukuwentuhan ay tungkol sa animals in light of the Catholic faith and teachings. Medyo seryoso pala ang ating pag-uusapan ngayon Ma'am Rara pero subukan natin na...

K: Hindi theology ito ah

R: Oo nga po, this is DZUP po...

K: DZUP, siyempre gusto nating maintindihan ng lahat ng ating mga listeners. Alam mo iyong ating mag listeners iba-iba yan eh. Karamihan estudyante pero since ang coverage naman natin malawak naman.

Umaabot tayo ng Cavite at Bulacan. May mga nakausap akong nakikinig sila...mayroong, ano, housewife...basta iba-iba eh. Mayroong malalapit dito, mayroong malayo. Mayroong Makati. Basta iba-iba an gating mix of listeners. Lahat sila mahilig sa hayop.

R: So ngayon po sisikapin natin ngayong hapon na maipaintindi sa ating mga takapakinig kung paano ba itinuturing ng mga turo at tradisyon ng Katolikong Simbahan ang mga hayop o tinatawag nilang non-human animals.

K: Maganda yan, maganda yan. Ako rin interesado diyan kasi ngayon pag-uusapan natin kung paano ang pagtrato o treatment, o ano ba—how do you say it—paano ba, ano ba yung sinasabi ng Catholic faith tungkol sa mga hayop. I want to start this series. Siguro in the next weeks magkakaronn tayo yung pagtingin o role ng Islam naman. Pero ngayon concentrate na tayo. Anyway, kasi ngayon malapit na tayo sa All Saints Day

R: All Saints' Day

K: All Souls'...so very Catholic yan. So very timely itong usapan natin.

R: And Ma'am timely rin po dahil kanina...a few weeks ago, ipinagdiwang din nating ang feast day ni St. Francis of Asisi na patron po ng mga hayop.

K: Yah. And you know October is called “Animal Month” or “Animal Welfare Month” kasi nga si St. Francis eh. October four ‘di ba? So buong buwan ng October ay dinnedicate na to celebrate the wonder that is animals.

K: Ano baa ng mga latest ngayon tungkol sa mundo ng animals?

elephant trumpets

VO: Animal News.

R: Ayan. Mula po ito sa ulat ng pahayagang The Guardian. Isang eksibit na pinagkukumpara ang mga litrato ng black Africans at mga wild animals, ipinasara sa bansang Tsina. Umani ng batikos ang eksibit na “This is Africa” nitong nakaraang lingo ayon sa pahayagang The Guardian. ‘Di umano’y racist ang paghahalintulad ng mga black Africans sa mga hayop. ayon sa mga Tsino at Aprikanong nakakita ng eksibit. Tampok pa nga rito ang larawan ng isang batang Aprikano na nakabukas ang bibig na tila ba inihahalintulad sa katabi nitong larawang unggoy na nakabukas din ang bibig. Humingi naman ng paumanhin ang Tsinong curator sa museo. Anila, sa kanilang kultura daw ay kapurihan ang pagkukumpara ng tao sa mga hayop ng zodiac signs. Sarado na ang naturang eksibit ng photographer na si Yu Hui Ping sa Hubei Provincial Museum, Wuhan City, bansang Tsina.

K: Okay. So kung sa iba nga naman na kultura, hindi maganda...sabi the black African...pero yung ating guest kanina meron opinion diyan eh. Introduce mo nga yung guest natin, tanungin natin yung opinion niya.

R: Isa po sa ating mga guest ngayon ay isang faculty ng Institute of Religion ng University of Santo Tomas. Siya rin po ay isang Associate Researcher ng Center for Religious Studies and Ethics ng UST. Kasalukuyan po siyang nagtuturo ng theology at philosophy sa architecture students and religious education majors ngayong semsetre. Siya rin po ay nagsalin sa wikang Filipino ng encyclical letter ni Pope Francis na Laudato Si. Ito po ay kanyang isinalin mula sa wikang Espanyol. Siya po ay si Sir Leo Martin Angelo R. Ocampo, o Sir Leo po.

K: So Sir Leo mayroon ka sinasabi kanina about...you reacted to this bit of news. Can you tell our audience natin kung ano ba sa tingin niyo bakit ito nangyari.

LEO: Sa tingin ko po nangyari siya, unang-una, kasi mababa po yung pagtingin natin sa mga hayop. Kaya nga bale ang lumabas ay insulto na maikupara sa hayop. Pero sinabi rin dun sa article na sa ibang kultura, actually, pag naihambing ka sa isang hayop ‘di ba positive? Halimbawa po sa UST tinatawag namin yung sarili naming na “Growling Tigers.”

K: Ah. Oo nga ano?

L: We don’t consider that an insult to be called a “growling tiger.” As a matter of fact, parang ano nga eh, na-ha-highlight yung katapangan nung tigre, yung gracefulness nung tigre, depending on the context.

K: Yung talino ng tigre...

L: So hindi naman necessarily insult na ma-compare sa hayop pero siguro dahil nga, unang-una, mababa yung pagtingin natin sa mga hayop kaya may ganong reaksiyon.

K: Sa Tsina ba ano ang kanilang pagtingin...sa pagkakaalam niyo?

L: Hindi po bas a Tsina po ang pagtingin sa mga hayop ay mayroon pong mga certain na hayop na malapit kay Buddha. So yung mga zodiac animals na tinuturing nila in a way napakalapit po kay Buddha. One of them, one of the first to arrive in journey nila to the Buddha was the monkey. So yun ngayon yung pinaglalaman ngayon nung ano. Although of course we do not know the motives, we have not seen the pictures, hindi natin alam kung talagang degrading ba ito o uplifting. Pero posibleng hindi naman necessarily na kinumpara sa hayop ay masama na agad o degrading.

K: Ngayon nga sa mga Indians, among the American Indians, among the first nations, sila nga mayroon silang...

L: Spirit animals..

K: Spirit animals. Mayroon silang bear medicine, ibig sabihin pag-aralan mo yung bear at kung paano niya hini-heal yung sarili niya tapos gamitin mo sa healing mo. O merong mga eagle medicine. So meron silang mga ganyan ano. So talagang ginagaya nila what they learn from the animals so hindi mababa at all ang pagtingin nila sa mga hayop.

R: Pero in the contrary po Ma'am, tayong mga Filipino minsan nakagisnang natin na kapag tinawag kang "Oy, hayop ka"...parang insult...

K: Yung sinasabi na ano ayan buwaya yan, yung mga politicians natin.

R: Kawawa naman yung buwaya.

L: Yung baboy, yung ahas...

K: Kawawa naman yung mga baboy, most intelligent animals ang mga baboy.

R: Lalo na yung tuta, Ma'am. Eh kinukumpara natin ngayon sa mga pulitiko na ano...Kawawa naman po yung tuta...

K: Yung tuta ng presidente, tuta ng Amerikano, yung mga ganyan ano. Kawawa naman nga yung mga hayop. Napasama sila...

L: Lugi pa po yung hayop, hindi yung tao.

K: Tama ka, tama. O ano pa yung isang balita mo?

R: Ito naman po ay mula sa isang artikulo ng Philippine Daily Inquirer. Mga Amazon River turtles, nanganganib maubos dahil sa illegal na panghuhuli o poaching. Ang sana'y nagbabantay sa mga ito ang siya pang nagiging sanhi ng kanyang pagkaubos, ayon sa artikulo ng Philippine Daily Inquirer. Ayon kay Roberto Lacava, isang miyembro ng environmental agency ng Brazil, bagamat hindi nabibilang sa listahan ng endangered species ay dapat pag-ibayuhin ang pagatatanod sa mga pawikang ito. 'Di umano, ang mga volunteer na tagabantay mismo ang nanghuhuli sa mga nasabing pawikan upang pagkakitaan. Ang kakulangan sa pondo ay dulot ng forty-three percent reduction sa budget ng environment ministry ng Brazil ngayong taon. Ani Lacava, ang pagtapyas sa budget ay isang manipistasyon ng mahinang programang pangkalikasan ng Brazilian President Michel Temer. Sa ngayon, dalawampung opisyal lamang ang namamahala sa estado ng Brazil na dinadaan ng Amazon River.

K: So nanganganib pala ang mga Amazon...

R: Amazon river turtle. Yun po ang karaniwang tawag nila sa mga species ng pawikan na makikita doon.

K: Ah meron din sila doon. Pero endangered ba talaga?

R: Ang nasa listahan po ay hindi siya endangered species pero ang ipinipilit po ng ilang environmental advocates doon ay maaaring maging endangered species ito in the future kung hindi po natin pag-iibayuhin yung pagtatanod.

K: Kasi alam mo I've been sa Pawikan Center diyan sa Bataan. I've taken my students there also. Tapos nakikilala naming yung mga dating poachers. Sila yung mga nanghuhuli ng mga itlog ng turtles at ang mga turtles mismo pinapatay nila o ibinebenta nila. Ngayon sila ang guides. Not only guides, sila ngayon ang nagpapatrol dun sa beach eh ang haba-haba ng beach. Binabantayan nila. May turtle watch sila eh. Kapag nakikita nila yung tracks ng turtle na may umahon dun, ibig sabihin may manganganak at midnight, binabantayan nila kaagad yan. Tapos kukunin nila yung eggs para ma-save siya, hindi na siya manakaw. One group of students, na-tiyempuhan nila na nanganganak yung isang pawikan at nasamahan sila ng isang patrol na dating poacher. Ngayon, binabantayan na nila.

R: Pero Ma'am maganda yang balitang nangyayari sa may Batangas po?

K: Bataan

R: Kabaligtaran yan ng nangyayari dito sa ano kasi yung binabanggit niyo kanina, nagsimula sila as poachers and then sa pamamagitan siguro ng education and pagtuturo sa kanila ng mga tamang gawi ay sila na yung nagbabantay. Kabaligtaran naman po dito.

K: So they should learn from us?

R: opo kasi nagsimula naman sila as volunteers tapos dahil nga sa kakulangan nga ng pondo ay naging poachers.

K: Ang maganda diyan kasi na-interview ko yung isa, yung pinaka-leader nila, sabi niya ngayon after i-explain sa kanya ay na-realize niya na mali talaga yung ginagawa nila kasi endangered na yung pawikan eh, so kaunti na lang. Kaya ngayon, kunwari manganak sila ng, let's say, sixty to ninety. Out of that sixty to ninety, siguro ten to twenty lang ang makakarating sa dagat kasi pagnag-hatch na yung itlog at kapag nagpunta na sila sa dagat, maraming mga predators. Yung mga crab, yung mga ibon. So about ten percent ang makakarating at lalaki pa para maging mga turtles. So after thirty years, babalik pa para manganak dito kung saan sila ipinanganak. Kaya napaka-endangered talaga nila.

R: Ayan kaya sabi nga natin dapat matuto sila from our example.

K: So maganda yung mga balita mo, Richard. Before we start our discussion mag-break muna tayo. Ang oras ay one-nineteen.

commercial break

K: Okay balik po tayo. Pangalawang bahagi ng Kwentuhang Pets At Iba Pa. Tinatanong ko po dito si Sir Leo kung si Pope Francis ba talaga ay animal lover?

L: Opo. Ang mga Papa po kasi kapag sila ay nagiging Papa, pumipili sila ng bagong pangalan. At ang pinili po niyang pangalan—dating pangalan niya Jose Mario—ngayon Francis.

K: Bakit ba yun pinili niya?

L: Eh si Pope Francis po kauna-unahang Papa na ang pangalan ay Francis. Kilala po si Francis sa pagmamahal niya sa mahihirap at pagmamahal niya sa kalikasan. At kung sa animals po, si St. Francis alam

natin siya yung patron ng mga animals. Napakalapit po niya sa mga animals to the point na nung buhay po siya, halos nakakausap niya daw po yung mga animals.

K: Inexplain ba niya kung bakit Francis yung pinili niya?

L: Opo sinabi niya na—dapat po kasi Ignatius kasi Heswita siya, or John Paul to honor the previous pope, or maybe Benedict his successor...predecessor—pero pinila niya po kasi yung love for the poor and love for nature. Sabi niya bahagi po yung ng pagmamahal natin sa Diyos.

K: So yun na nga yung alam ko, yung love for the poor niya... Tanungin naman natin dito yung friend mo, yung kasama natin

L: Oo nga po, aside po kay Sir Leo na kasama natin dito ay may isa pa po tayong panauhin. Siya po ay kasalukuyang sociology student dito sa University of the Philippines Diliman. Siya rin po ay isang Catholic pet-owner. Ayan po, ang aking kaibigan: si Mariel Naval.

MARIEL: Magandang hapon po sa inyong lahat.

K: Hello, Mariel. So yung title mo sa kanya, Catholic pet-owner. Ano ba yung pet mo sa bahay?

M: Bago lang po, actually. September twenty lang po dumating sa buhay ko yung poodle po. Puppy pa po siya. Ang pangalan niya ay Raffy.

K: Bakit Raffy?

M: Marami po actually na pinagpilian, Pinagpilian ko po: Dominic kasi po si Dominic po ay “dog of the Lord”

K: Ano yun, “dog of the Lord?”

L: “Dominicanus,” dog of the Lord.

K: Bakit dog?

L: Kasi po nung nasa sinapupunan siya, nanaginip yung nanay niya ng aso na may sulo so siya yung aso nay un na tumatakbo around the world—meaning: the light.

K: Yun ang meaning ng Dominic?

L: Yes po. Dog of the Lord.

R: Kaya po sa mga karamihan sa imahen ni Dominic na makikita natin, sa paanan niya may aso na may sulong hawak.

L: At bestfriend siya ni St. Francis.

K: Ah, aso na may hawak na torch? Ang galing! One of my future dogs will be a Dominic...O tapos nasaan si Dominic ngayon?

M: Ah bale Dominic isa po sa mga pinagpipilian ko. Francis naman kasi patron of animals pero naunahan na ako ng kapatid ko kasi gusto niya Frankie yung pangalan ng aso niya. Kaya napunta po ako sa Rafi kasi Rafi galing kay Archangel Raphael. Ang ibig sabihin po ng Rafael, God is healing, God is a healer.

K: Rafael is the healer. Si Michael naman yung protector.

R: And si Gabriel naman po, yung ikatlo, siya yung messenger.

M: Kaya po naging Rafi kasi, in a way, she made me better. Kasi po ako ay nagsu-suffer ng mental illness. Yun po. Simula po nung dumating siya talagang nagbago po. Nagkaroon man ako ng responsibilities pero siya talaga, in a way, she healed me.

K: Can you give us a specific situation or way na nakatulong siya sa iyo?

M: Ah bukod po sa laging nakikipaglaro at masaya po sa bahay, may mga times po sa bahay na naglalaro siya. Sa kuwarta po kasi naming mababa, yung table ng altar ay mababa. May ga times po na naglalaro siya tapos makikita na lang po naming siya na umaakyat dun sa altar po. Inaamoy-amoy yung mga santo at yung Bibliya po.

K: Baka nagdadasal siya?

M: Niloloko nga po namin siya, Rafi nagdadasal ka na naman diyan. Kaya po parang, in a way, nire-remind niya ako. Uy magdasal ka or patatagin mo yung sarili mo.

K:Oo parang sinasabi niya: mahiya ka naman. Ako nagdadasal o. But are you prone to depression?

M: Yes po, I am diagnosed with depression and anxiety.

K: Okay so, when you have that feeling, 'di ba nafe-feel mon a it's coming, parating na yung bark of depression, paano nakakatulong sa'yo si Dominic.

M: Si Rafi po. Yun po parang, para siyang magandang distraction. Imbes na po na sa ibang bagay ko itinutuon yung pansin ko sa mga negative, napupunta po yung attention ko sa kanya.

K: So ibig sabihin here you are, nefe-feel mon a na mag-te-take over na yung depression, nafe-feel mo na dark, shadows, mga ganyan, tapos darating itong si Rafi, tapos lalaruin mo siya so yung attention mo naiiba. Tinatalikuran mo yung mga nakikita mo na darkness and shadows. Tapos yung attention mo napupunta kay Rafi, naiiba tuloy yung mood mo.

M: Opo.

K: Ang galing.

M: Sabi nga rin po ng parents ko simula nung dumating sa akin si Rafi, parang ang laki po nung improvement ko.

K: Can you bring that dog one of these days? Kailangan ma-meet natin siya ano. Okay so ano, marami-rami na rin talaga ang gumagamit ng aso. Yung mga may post-traumatic stress disorder, yung mga bipolar. I have a student na diagnosed siya as bipolar. Sinabi ng doctor sa kanya na kailangan mong dalhin yung dog mo kahit saan. Kilala mo siya?

R: Opo, yung kaklase ko sa J112?

K:Sino? Hindi graduate na siya.

R: Ah all right.

K: She was a guest here and she talked about her condition tapos sinabi niya na one time nagkulong siya sa banyo and she was going to commit suicide. And the mom and the lola were crying, trying to stop her. And the dog was there crying. I think that's the one that pulled her back. Nung sinabi ng lola na the dog daw was banging her head on the door and crying and crying to stop her, parang she realized she has to live for the dog. So naiiba rin yung kanyang situation. Ang galing talaga. These animals, ang galing. But meron akong yung isang pusa ng mommy ko ang pangalan niya Good Chi, good energy, good chi. Kasi my mom has a stroke, hindi na siya gumaling, na-paralyze siya. Si Good Chi, lagi siyang nakatambay sa mga santo ng mommy ko sa bahay. So hinahanap namin siya, nandun siya sa likod ng Sacred Heart. Tapos meron akong picture niya na nakasandal siya sa Sacred Heart, nakatingin siya sa taas. Ang galing talga sa face. Tapos, kasi yung mom ko mahilig siya sa rosary. Eh siyempre malalaki na kami, we are out of the house, kaya 'di na namin siya nasasabayan. So pinipilit na lang niya yung daddy ko. Kapag magr0-rosary na siya tinatawag

niya, “Good Chi, it’s time for the rosary.” Tapos yung pusang yun, kahit saan pa siya galing, tatakbo siya, aakyat siya sa upuan. Nakaupo na siya sa upuan nagro-rosary na siya.

R: Daig pa tayo nung pusa minsan ah.

K: Kaya nga mahal na mahal siya ng mommy ko. Kaya when he died, my mom was hysterical. He died of kidney kasi. So how would you explain this? Is there some sort of, what do you call that, are they spiritual beings?

L: Definitely po kasi, actually, yung word na animal, it comes from the word anima which means “soul.” Opo. Kaya anyone who says na animals don’t have a soul, bring them back to the etymology of the word animal. Kaya nga po sabi ni ano kanina, non-human animals. Kasi po, humans are also animals.

K: Yes, according to science.

L: And they have a soul also, although they are not humans. So the distinction is...hindi naman po we’re completely different from them.

K: Ah, so it should not be offensive to Catholics to say that these dogs and cats are spiritual beings also.

L: It should not be. Siguro po yung words na spirit kasi, nire-reserve natin yun sa tao pero yung soul, soul-beings siguro. Kasi yung soul po mas generic.

K: For our listeners, can you explain the difference between spirit and soul?

L: Opo, sabi natin yung mga animals mayroon silang body and soul.

K: Katulad natin?

L: Opo, like us. Pero yung classic philosophy po, sabi natin yung tao may body, may soul. Pero may dagdag: yung spirit.

K: Ano yung spirit?

L: So yung spirit po siguro yung rationale nung tao, yung capacity ng tao to relate with the Divine, which is...all the rest of our qualities which is different from the animals.

K: Ano, spirit is the one who helps us relate to the Divine?

L: Opo.

K: Divine, which means?

L: In the way that humans do...kay God. Although sabihin natin kung may relasyon din ba yung mga animals kay God, ah, mahirap pong pakialaman yun kasi hindi naman natin alam yung experience nila.

K: Siguro after, magbe-break muna tayo. Do they also follow God’s will? Are they put here by God for certain purpose? Yun mga ganong klaseng tanong. Nako, lumalawig tayo. Nakaka-excite.

L: Actually, opo.

K: O sige. Magbe-break muna tayo.. Ang oras po ay one thirty-one.

commercial break

K: Okay nako, walang tigil po ang discussion natin kahit nag-break tayo ng a few minutes. Patuloy pa rin po yung discussion natin dito. Yung tanong ko kanina, are animals spiritual beings? Or may nabasa pa nga ako, the divinity of dogs?

L: Uhm siguro po yung divibnity mag-iingat na tayo diyan kasi baka bordering na on considering everything as god...parang blurring all distinctions. Sa atin po, iba pa rin yung mga...kahit sa experience po, iba pa rin yung tao, iba pa rin yung hayop, iba pa rin yung halaman. But for the longest time, I think we have been trapped in these distinctions. Sabi po yan ni Aristotle, sa philosophy.

K: Anong sabi ni Aristotle?

L: Sabi niya may parang hagdan na iba't ibang level, may non-living...yung plants, yung animals, yung mga tao. Na may point naman po. Pero minsan po kasi ang tingin parang one-way. Dahil mas mataas po yung mga tao, siya yung tumutulong sa mga animals, siya yung nag-ga-guide sa mga animals. Pero sa experience nga ni Mariel, 'di ba, yung dog kaya ring alagaan yung tao.

M: Parang accompanying...

L: 'Di pa kaya ring magamit, if you put God in. Kaya ring magamit ng Diyos for a mission sa tao. In the same way na nagagamit ng Diyos ang tao in a mission to care for the animals. So while the distinction, yung hierarchy, ay nakakatulong. Siguro maganda ring tignan yung mas...kung paano magkakarugtong yung mga bagay-bagay. Na interconnected without necessarily insisting on na palagi na lang hierarchy na mas mataas yung mas malapit sa Diyos.

K: That reminded me na we have a song especially prepared by Richard...

L: Wow.

K: Oo. Na...ipinasok mo yung topic eh ano, sabi mo magkakaugnay. Ano ba yung song na ito, Richard?

R: Magkakaugnay po ang title nung song na aking inahanda ngayon, and..

K: Yung song, ay kay ano..

R: Kay Joey Ayala po, isang Filipino musician. Ang title niya ay Magkakaugnay.

K: Magkakaugnay, ang ganda ng kantang iyon.

Song: Magkakaugnay by Joey Ayala

*Lupa...Laot...Langit...ay magkaugnay/ Hayop...Halaman...Tao...Ay magkaugnay/ **Ang lahat ng bagay ay magkaugnay...magkaugnay ang lahat/ / Tayo ay nakasakay sa mundong naglalakbay sa gitna ng kalawakan/ Umiikot sa bituin na nagbibigay buhay...sa Halaman at sa Hayop at sa Atin/ **Iisang pinagmulan, iisang hantungan ng ating lahi/ kamag-anak at katribu ang lahat ng narito...sa Lupa at sa Laot at sa Langit...*****

K: Sir Leo, so sabi niya magkakaugnay. Sa English, meaning...

L: Interconnected, ecology.

K: And one has a role. Interconnected, interdependent.

R: Interconnected...

L: Opo.

K: So yan din baa ng view ng Catholic Church.

L: For the longest time po kasi parang naki-criticize yung Simbahan, anthropocentric daw. Yung lahat, tao ang nasa gitna. Tapos lahat binigay sa tao ng Diyos para gamitin ng tao. Pero ngayon po mas ine-emphasize na ng Simbahan, lalo na po ng Santo Papa sa kanyang sulat na Laudato Si yung pagiging magkakaugnay

nung mga bagay. Na hindi yung tayo yung nasa taas, sila yung nasa baba...How everything is interconnected. Halimbawa, nawala yung isang species ng hayop. Paano ang impact nun sa atin? Pero more the the impact on us—kasi selfish pa din yun, ‘di ba—ano yung impact nun sa buong sistema. May nawala. May nawala na isang bagay na may sarili niyang halaga.

K: Kahit iisa lang siya, kahit individual?

L: Opo. Intrinsic value. Yung bacteria na yun—sabi ni Francis, nakakaiyak nga yung sinabi niya—may karapatan siyang umiral. Nilikha siya ng Diyos. May sarili siyang halaga sa mata ng Diyos. At wala tayong karapatan...

K: I knew it. Pope Francis is an animal rightist.

L: Yes, sabi niya wala tayong karapatan to take away the existence of that bacterium na nawala dahil sa...

K: Yes. Oo, we have Mariel as an example nga kunyare. Siya, Rafi, is just one dog. Pero yung presence niya may impact sa kanya. Pwedeng walang, you know, big impact sa mundo. Pero to her, malakas yung impact. So, yung sinasabi na each individual ‘di natin nalalaman ay meron siyang impact. May role...

L: May role po siya sa buong ecosystem, sa planeta.

K: Kasi alam ko sa American Indians, they treat animals as kin. As brothers and sisters, ‘di ba? Tapos sa Buddhists, paano ba yung treatment nila? Kapantay kasi you can turn into an animal when you reincarnate. Pero sa atin, I’m hearing new things. Kasi ang pagkakaalam ko tingin ng Catholic, ng mga Katoliko ay mababa nga.

L: New old, in a sense. Halimbawa po si St. Francis, ang tawag niya na po na brother sun, sister moon...

R: Opo, yung kanyang tula.

L: Kino-consider niya yung natural elements as kin. So in a way po, it is not new altogether in the tradition. It is something na ngayon lang po, in a way, na nadi-discover ulit.

K: I think there was a point in Catholic history na naging masyadong materialistic...anthropomorphic...

R: Anthropocentric

K: Anthropocentric, na yung tao ang center, at mababa yung tingin. I think nung panahon ng Renaissance, yung nag-e-experiment sila, who’s that scientist na nag-e-experiment on animals na nagsabi na wala lang, they are just machines. They have no souls. Sino ba yun na scientist na yun? Siya kasi yung nagsabi na wala silang soul so that they could be free, without any conscience, to experiment on the animals. So ngayon, I’m really happy to hear this.

L: Opo, opo. Actually ang ganda ng...hindi siya katulad ng Buddhist na equal. We do not deny the distinction or the difference. But, at the same time, we want to...gusto nating tignan sila na magkakaugnay tayo sa kanila. Iisa ang tahanan natin. We are all inhabitants of this one common home.

K: So parang God has a will for them? They are following God’s will, ganon ba yun?

L: Opo, just by their existence. ‘Di ba po, yung aso, sa pagpapaka-aso niya, binibigyan niya ng luwalhati ang Diyos. Yun yung sinasabi ni Francis.

K: Paano yung stray dogs or stray cats?

L: Sa pagiging stray dogs at stray cats nila, binibigyan nila ng luwalhati ang Diyos.

K: Eh ngayon pinapatay natin sila.

L: Yun nga po, katulad ng...

K: So that is a sin?

L: Opo, I would conclude that. Kasi, ano nga po, sabi ni Francis, the way you treat the lower beings or the animals would reflect the way you treat humans.

K: Nako next time I see one of those people na alam kong who hate animals, na nagpapatay ng animals, “You’re committing a sin.” Katoliko ka ba? Can I say that?

L: Opo, definitely.

K: I will say that talaga. Tapos yung gusto ko lang itanong ano, kunyare yung example na at one point in my life when I was searching on what I should be doing in my life, I prayed na parang ipakita sa akin kung ano ba yung mission ko or what I should be doing in my life. And soon after, may pumatay sa pusa ko. He was killed by a vet and tinago sa akin. Kasi he bit me, tapos without my knowledge dinala siya ng ano, ng family ko sa vet. And the vet told the father na dapat patayin na siya kasi naka-taste na siya ng dugo. He was killed without my knowledge. So siyempre ang laking gulo na nag-away-away ang pamilya kasi he was my cat. And it was only years later na—siyempre I was thinking about it, kasi naging long-standing yung away sa pamilya because of that, thinking about this later—parang naisip ko, I realized that he sort of sacrificed his life. Kasi after that, I...because of I was looking for how I could yung... I was devastated eh so naghahanap ako. I was searching on what to do. And dun ako, nahanap ko yung animal rights and welfare. So now, I’m very much into the movement. And I started this movement in UP. I was trying to save the dogs and cats. Kinakapon namin sila. We are trying to change attitudes dito. I found a group, etcetera. And I just realized, could it be that this cat sacrificed his life—maybe following God’s will, I don’t know—just so I could have what I was asking for and be led to what I’m supposed to do. What do you think?

L: Hindi po imposible kasi actually po yung mga cats nga may tradition na yung si Mama Mary daw, hindi mapatahan si Jesus, tapos parang may dumating na cat, tapos napatahan nung cat si Jesus. So si Mary as a sign of her blessing, parang hinawakan daw yung cat kaya may M dun sa mga tummy. There are stories like that and it has been a part of our tradition na yung mga cats po ay nagiging bahagi ng buhay ng tao. Si San Roque, ‘di ba, yung aso niya...

K: San Roque is St. Roch?

L: Roch in Italian. San Rocco. So the dog would bring San Roque food while San Roque was alone in the cave. So I mean sa isang point magagamit ng Diyos yung mga hayop para sa kanyang mga plano. Hindi po imposible.

K: You know kasi when I tell people that, parang pinagtatawanan nila ako na “you’re crazy.”

R: Hindi po.

K: So now I’m so happy. Thank you, Richard for inviting... So hindi na ako crazy.

L: SI Jonah po pinadalhan niya ng balyena para kainin siya para marealize niya yung, ‘di ban a kailangan niyang pumunta sa Nineveh. God uses the animals definitely. And they are part of his unfolding plan..

K: Nako, wow. And I’m so thankful to hear that. So etong animals na ‘to, are they aware...I suppose mas ano sila, kasi according to the Catholic Church wala silang tinatawag na rationality. Wala silang reason, ‘di ba? So they just follow what they feel is...?

R: Instinctive.

K: Oo instinct, in their body. They just follow, yung pala yun yung utos ng Diyos sa kanila. Hindi sila nagre-reason na “Ay, baka mamatay ako kung gawin ko ‘yan.” Ganon ba yun?

L: Kaya nga po, in a way, yung mga animals mas mabait sila sa atin eh kasi...

K: Paano yun?

L: They are not capable of doing wrong. Because they only act as they are programmed, in a way, according to their instinct. Pero yung tao, mayroon tayong rationality, mayroon tayong choice. And we can act against our better instincts, kung бага.

K: So how about the animals na nagpapatay. Kunyare, yung tiger.

L: Eh ano po nila yan eh, instinct nila yun na it's for their survival, for their food.

K: At saka usually naman, nagpapatay sila when people encroach on their habitat.

L: Opo, in the case na pinapatay nila yung tao for self-defense...and they cannot be blamed for that kasi instinct po nila yun eh. Wala silang...they cannot do wrong, kung бага. Pero yung tao, self-aware tayo, in a sense. So we have a moral responsibility over our actions. We do not deny that distinction.

K: Okay.

R: So in other words po parang nagkakaroon ng negotiation na we use animals to achieve our goal of salvation pero, at the same time, we acknowledge the fact na sila ay nilalang ng Diyos at interconnected sila sa ating pamumuhay dito sa mundo.

L: Ay oo naman. Talagang nilalang ng Diyos na may, in a way, karapatan din katulad ng karapatan natin to exist here...to live here. Because God placed them here, as He placed us here also.

K: All animals, even the ants, cockroaches?

L: Opo, kaya nga po nakakaiyak yung kay Pope Francis. Kahit yung bacteria, yung pianakamaliit. Kasi sabi niya, when it comes to extinction, we notice the big animals. We notice na yung mga nakikita, yung mga cute. ‘Di na, panda bear, mga koala bear, we sympathize. But we don't care about the bacteria na na-e-extinct. Lahatng iyan nilagay ng Diyos for a purpose. They have their intrinsic value and ‘di ba wala tayong karapatan to take it away from them.

R: Yung mga germs sa ating digestive system, ganon...

L: Tama.

R: So talagang nilagay sila ng Diyos doon for a purpose.

L: Pwede nating sabihin yun kasi...

K: Pero hindi pa natin naiintindihan pa, ‘di ba.

K: Wow. Do you have a pet, an animal pet or companion, Richard?

R: Mayroon po kaming alagang dog sa bahay. Isa po siyang...anong breed ba nung dog, nako nakalimutan ko na tuloy. Yung kasama ni Manny Pacquiao pag nagjo-jogging. Ano bang tawag dun? Jack russel.

K: Ah jack russel, mga maiingay na maliliit.

R: Opo. Maliliit, tapos takbo sila nang takbo.

K: Ano ang tingin mo sa kanya?

R: Kasi po ako lumaki ako sa family na yung dog bantay lang siya sa bahay. Yun yung tingin namin. Pero ako as a person kasi ah, parang the dog is more than just a bantay eh. Kasi siya yung nakakalaro ko minsan tapos nung bago pa lang siya sa amin—ang pangalan niya ay Richie, and ako naman Richard. So ayun nung

bago pa lang siya, nasa loob pa lang ng bahay namin, kapag natutulog siya nagpupunta siya sa lap ko and gusto niya yung hinihimas-himas siya. I feel a sort of comfortable kapag kasama ko siya.

K: Sa tingin mo, ano yung role niya sa buhay mo?

R: Nako mabigat na tanong yan. Pero siguro ngayon kasi most of the time I stay sa boarding house kaya hindi ko siya nakakapiling sa bahay.

K: Ah malungkot siya ngayon.

R: Pero kapag nasa bahay naman ako, usually pinapakawalan naming siya. Masaya siya kapag pinapakalwala siya, siguro hindi lang entertainment po. Siguro, in a way, nakaka-destress and nakakapag-unwind ka sa bigat ng academics. And may uwian kang someone na naghihintay sa'yo. Yun yung role niya sa buhay ko, sa tingin ko.

K: Wow, how good. So Mariel, yung aso mo nasa bahay siya? Hindi ka nag-do-dorm? Sa kwarto siya natutulog? Inseparable talaga kayo?

M: Parang ganon na po. Hindi po siya umaalis. Kahit na anong lipat naming sa kanya sa pagtulog, tumatabi po siya sa akin sa kama.

K: Kailangan pala Richard and Mariel, and Sir Leo, if you have a dog, sa October twenty-eight meron tayong doggie marathon. We're trying to raise money kasi gusto naming ipa-kapon lahat ng mga campus animals. Lalo, we start with the cats kasi ang dami-dami nila. So if you want to run, bring your dog. It's four hundred pesos for non-students. It's one hundred fifty for students pero kailangan may I-D. Tapos, meron din kaming dalawang runners. Isang propesor sa Institute of Biology at saka isang Masters student sa Psychology. Sila din they have offered their talent, kung baga their running skills and talent. And people who want to pledge, four hundred pesos per kilometer. Tatakbo sila as long as may pumapasok na pledges. Sali kayo ah, isama niyo yung aso niyo. One fifty if you have student I-D.

R: Kailan po ulit yan, Ma'am?

K: October twenty eight, Sabado yun. So diyan tayo sa...tatakbo...you can run as many rounds as you want siyan sa academic oval. Magsa-start tayo diyan sa grandstand.

R: Ah sa grandstand, sa may Sunken Garden po.

K: Oo, sa tapat ng Virata School of Business. So yah, dun tayo magsa-start. Yung dalawang runners natin magsisimula nang five thirty ng umaga. Pero for us ordinary mortals—ako siguro kaya ko alas-siyete, pero siguro early siyempre for registration. Pero siguro six thirty, seven, mga ganyan. Siguro gagawin natin every thirty minutes kung may grupo para sabay-sabay mag-run. Mas may statement kasi pag ano. So I hope you can join us and sana yung mga nakikinig, sumama din kayo sa run. Help us achieve our goal, and have fun with your dogs.

R: And Ma'am nabanggit niyo kanina kailangan magdala ng leash?

K: Oo kailangan, hindi pwede yung off-leash na aso. Kasi kung yung aso niyo tumakbo ng malayo, hindi niyo na makukuha. Nako, he'll be treated as a stray dog. Unfortunately, kung minsan hinuhuli yung mga stray dogs dito. Let's prevent that. So kung mahal niyo yung mga aso niyo, siguraduhin na mayroon silang tali...on a leash. And kailangan meron silang anti-rabies vaccination. Dalhin niyo yung card na proof na anti-rabies. Maninigurado lang tayo kasi kung may makagat. At saka magadala kayo ng plastic na may

kaunting dyaryo, kahit isang page ng dyaryo. Kasi kung mag-poop yung aso, kailangan pulutin niyo. We are trying to show the U-P administration na we are responsible pet-owners at hindi tayo magkakalat.

R: Ayan, so U-P administration, watch out. We'll prove...

K: Kaya mainam na marami tayo para malakas ang message. So going back to Sir Leo, ano ba yung pinakamalakas na message ni Pope Francis?

L: Siguro po yung pinakamalakas na mensahe niya, yung pagmamahal sa kalikasan, kasama na yung pagmamahal sa hayop, ay bahagi ng pagmamahal sa Diyos. Kasi siya po yung May-Likha eh. Regalo niya 'to. So yung ating regalo, kailangang pahalagahan natin. Huwag nating ituring na gamit. Mahalin natin. At siguro hayaan din natin na mahalin tayo. And siguro, for all we know, itong hayop na ito—kahit hayop siya—gagamitin siya ng Diyos for His Plan.

K: So kung бага sinasabi mon a they are not just property?

L: Definitely.

K: Eh sa batas kasi eh, property sila eh. Kaya yung yung malungkot dun. Pero ang isa pang nakikita kong malungkot kapag naglalakad ako, yung mga aso na nakatali, every day, every hour. Yung kapitbahay ko, andun na siya. Ang laki-laki ng empty lot nila, yard, pero may dog house na nakatali pa yung aso.

Pinapakain ko palagi as much as I can kasi naaawa ako. EH magkaka-arthritis yung 'di nakakatakbo, ang laki laki ng property nila. That's why I hope Richard and Mariel, kayo yung bagong generation, on your own try to talk people...tell them na hindi yan ang plano ng Diyos para sa kanila. I think that's the strongest na matatamaan sila kapag Katoliko sila.

R: And meron pong sinabi si Pope Francis na "Every act of cruelty towards any creature is contrary to human dignity." Ang lahat po ng pagmamalupit na ginagawa natin sa kahit anong nilalang ng Diyos, ay hindi kaugnay sa pagpapahalaga natin sa dignidad ng tao.

K: Sabi nga nila, 'di ba, ang taong nananakit o nagpapatay ng hayop, ay hindi nakakapagtaka kung kaya rin niyang pumatay din o manakit ng tao.

L: Mas "hayop" pa sa hayop.

K: Kaya nga sa Amerika ngayon, yung F-B-I, kapag mag-profile sila ng criminals, kapag nakita nila na nung bata pa itong taong ito ay nagpapatay na siya ng mga hayop o nananakit ng hayop, ay ini-investigate na nila yan kasi possible serial killer. And parang it's a crime already to kill animals or maltreat animals. It's a crime already, equivalent to mga heavy crimes. Hindi pa nakakarating dito sa Pilipinas but hopefully siguro soon mabuksan yung mata nila.

R: Kasi ngayon iba pa yung priority nila...our legislators.

K: So maybe we could ask...nako, unfortunately, ang dami ko pang tanong maybe I can just email. I intend to write about this. Mariel mayroon ka bang parting message para sa ainy mga listeners?

M: Siguro po, isa na lang mensahe, para sa mga may aso o mga may pets—kahit anong uri man yan—tandaan natin na sila ay heaven-sent. Meron silang kanya-kanyang role o papel sa ating mga buhay and hindi lang sila yung magbibigay sa atin nung care o halaga pero tayo rin sana, meron din g pagmamahal na ibigay sa kanila.

K: Well-said. Wow, I totally agree. Sir Leo?

L: Sana po sa lahat ng mga may pets, alagaan ang mga pets. Kung hindi niyo rin po kayang alagaan, ibigay niyo sa mga makakapg-alaga kasi nga po ay mahal yan ng Diyos. May plano rin ang Diyos sa kanila na mabuhay sila ng masaya katulad ninyo. Kaya nga po sana alagaan natin ng mabuti lahat ng binigay ng Diyos sa atin, whether our own or those we see around in our neighborhood.

K: Ayan, okay napakaganda. Richard?

R: Ah ako naman po, isa kasi sa mga pinagpilian kong kanta kanina ay yung kantang Panangutan. And para sa akin napakaganda nung mensahe nun eh. Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. ‘Di baa lam na natin yun? Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang. Tayong lahat ay may pananagutan sa isa’t isa. And I think yung “tayo” dun hindi lang nun ine-encompass yung mga humans na tao, kung hindi pati yung mga non-human animals. Lahat tayo magkakaugnay, lahat tayo may pananagutan sa isa’t isa. Walang sinuman ang namamatay o nabubuhay para sa sarili lamang. And from that we should always take care of each other, mapa-hayop man yan, tao, o halaman. Kasi in the end, sa pananwa ng Katoliko, lahat naman tayo ay maliligtas, buong cosmos.

L: Lahat tayo ay nilikha ng Diyos at para sa Diyos.

K: Anyway, pinag-aaralan nap ala ngayon... Vatican has an office na pinag-aaralan yung life in outer space.

L: Ay opo, matagal na po. Actually, one of the first tayo—pati yung ethics, pano yung mga aliens, do we baptize them—these are questions na dini-discuss natin.

K: Nako how interesting.

R: So contrary pala sa popular belief, and religion at ang science, pwede siyang magtulungan.

L: Ay hindi naman, dati naman magkaibigan yang dalawang iyan. Nagkaroon lang sila ng L-Q pero...

K: Kasi according to this na nabasa ko na nag-he-head nung office for communication with outer space, sabi niya why should we box God in just earth while there is an entire universe out there that’s also parang under God. He created the entire universe. So He rules not only people, animals, but the entire universe.

L: Huwag mag-feeling ang mga tao, although kasi tayo yung pinakamahal ng Diyos. And we assert that. Pero napakaliit na bahagi lang natin sa universe...pero we exploit things kaya kahiya-hiya tayo. Yan yung sinasabi niya na it’s not compatible with human dignity.

K: I think that’s a very good last message. Ang masasabi ko lang, katulad ng sinabi niyo, ay mahal in lahat ng creatures no dito sa planeta. Lahat ng animals, lahat ng plans. Kasi lahat yan ay may papel o role na ginagampanan. They are also following the will of God. Okay. At unfortunatey kailangan na natin magtapos, bitin na bitin ako.

R: Ang dami pa natin tanong.

K: Magpa-part two yata tayo nito. Okay maraming-maraming salamat kay Mariel, kay Leo, and kay Richard.

R: Maraming salamat din po.

K: Matagal ko nang gustong gawin ang topic na ‘to. With Richard, finally nagawa ko. Okay so thank you very much. Sa lahat ng ating makikinig, next Wednesday po, tune in ulit kayo. We have another topic, very exciting para sa inyo. Dito sa DZUP 1602, Kasali Ka! #

-E N D